sfac san francisco arts commission

**GENE FRIEND RECREATION CENTER IMPROVEMENT PROJECT**

**KAHILINGAN PARA SA MGA KWALIPIKADONG KAHALOK (REQUEST FOR QUALIFICATIONS (RFQ))**

Pag-lalabas ng RFQ Agosto 9, 2023

**APPLICATION DEADLINE**
Setyember 18, 2023, 11:59 p.m. Pacific Daylight /Standard Time.

**PAGKILALA SA LUPANG KINATATAYUAN (LAND ACKNOWLEDGEMENT)**
Kinikilala ng Komisyon ng San Francisco sa Sining (San Francisco Arts Commission) na tayo ay nasa lupang pamana mula sa mga ninuno ng Ramaytush Ohlone.

Bilang mga katutubong tagapangalaga ng lupaing ito at alinsunod sa kanilang mga tradisyon, ang mga Ramatush Ohlone kailanman ay hindi nagbitiw, isinuko o iwinaksi, hindi winala o nilimutan ang kanilang tungkulin bilang tagapangasiwa ng lugar na ito, pati na rin sa lahat ng mamamayan na naninirahan sa kanilang tradisyunal na teritoryo.

Bilang mga panauhin, batid natin na nakikinabang tayo sa ating paninirahan at pagtatrabaho sa kanilang tradisyunal na lupang tinubuan. Nais nating magbigay galang at kilalanin ang mga ninuno, mga nakatatanda at mga kamaganakan ng Ramaytush sa pamamagitan ng ating pagpapatibay at pag sang- ayon sa kanilang nakapanyayaring (sovereign) karapatan bilang mga unang sambayanan.

Bilang kagawaran na nakatuon sa pag papalaganap ng kapaligiran na bukas sa pagkaka iba-iba at pagkakapantay- pantay ng lahat sa larangan ng Sining at Kultura sa San Francisco, tayo ay masugid na tumataguyod sa tradisyonal at makapanahong pagsulong ng komunidad ng American Indian.

**PAHAYAG TUNGKOL SA RACIAL EQUITY (RACIAL EQUITY STATEMENT)**
Ang Komisyon sa Sining ng San Francisco ay nakatuon sa paglikha ng lungsod kung saan ang lahat ng mga manlilikhang sinig at mga nagtatrabaho sa larangan ng kultura ay may kalayaan, kaukulang tulong at plataporma para ibahagi ang kanilang mga kwento, sining at kultura na kung saan ang lahi ng sino man ay hindi nagtatakda ng tagumpay sa buhay. Kinikilala din natin na tayo ay nasa tradisyonal na lupa ng mga

Ohlone na kailanman ay hindi nila isinuko o iwinaksi. Sa pagaalab ng ganitong paniniwala, nakatutok tayong tugunan ang hindi pagkakapantay na kalakaran sa ating ahensiya, sa lungsod at country ng San Francisco at sa malawak na bahagi sa sektor ng sining at kultura. Hinihingi ng pagkilos na ito na lagi nating isa-isip ang lahi sa ating pagharap sa mga hindi pagkakapantay-pantay na mga kalakaran nuong mga nadaang panahon, kapag may napapansing hindi pagkakapantay pantay na pag turing sa mga kasalukuyang sitwasyon, at magsagawa ng mabisang paraan para mai-sulong tayo patungo sa pantay pantay na kinabukasan para sa lahat.

## BUOD NG PROYEKTO (PROJECT SUMMARY)

Inaanyayahan ng Komisyon ng San Francisco sa Sining (San Francisco Arts Commission) ang mga manlilikhang sining at mga koponan ng manlilikhang sining (artists and artist teams) na naninirahan sa Estados Unidos na magpadala ng kanilang mga kwalipikasyon para makasali sa dalawang oportunidad sa Sining sa ilalim ng Gene Friend Recreation Center Improvement Project:

1. **Integrated Wall Opportunity:** Matatagpuan sa dingding sa loob ng gymnasium na nakaharap sa bandang hilaga at matatanaw kahit mula sa labas sa mga lansangan ng 6th at Folsom. Ang likhang sining ay maaaring binuo mula sa dye-sublimated aluminum panel, o iba pang angkop na materyales, at maaaring sakupin nito ang gitnang bahagi sa pagitan ng dalawang pahilis na haligi (diagonal struts) na mahigit kumulang ay 40 talampakan ang lapad (approximately 40 feet wide) o kaya naman ay sa kabuuhan ng bandang itaas na bahagi ng dingding (na mahigit kumulang 100 na talampakan ang lapad (approximately 100 feet wide)).

2. **Two-Dimensional Artwork Program:** Direktang pagbili ng kasalukuyang mga gawa nang 2D na likhang sining na ipapaloob sa frame at ikakabit sa kahabaan ng mga pangunahing pasilyo ng sentro. Ang mga likhang sining na ilalagay sa frame ay hindi dapat mas maliit sa 12 pulgada sa pataas at pahabang direksyon (12 inches in any direction) at hindi mas malaki sa higit-kumulang 60 pulgada sa anu mang direksyon (60 inches in any direction). Ang presyo ng bawa't likhang sining ay nakasalalay sa lawak (scale) ng sining at sa presyuhan ng mga ito sa merkado (market rate) batay sa mga dati nang halaga ng mga nilikhang sining ng gumawa nito. Tungkulin ng manlilikhang sining ang pagdadala ng kanilang nilikha sa itinalagang lugar. Ang pagsasaloob sa frame at pagpapakabit nito ay responsibilidad ng Komisyon sa Sining.

## LAYUNIN NG PROYEKTO (PROJECT GOALS)

Layunin ng Proyekto ng Pampublikong Sining sa mga gawain para sa pagpapabuti ng Gene Friend Recreation Center na ilawan ang mayamang kasaysayan at kabuuhan ng malawak na pagkaka iba-iba sa kapitbahayan ng San Francisco sa SoMa, pati na din ang pagkilala sa SOMA Pilipinas, ang Distrito sa mga pamanang kultural ng mga Filipino, at upang itaas ang Sentro bilang puntahan ng lahat at para na rin maituring ang sentro na isang kayamanan ng kapitbahayan na tunay namang maipagmamalaki.

**PROJECT BUDGET**

1. **Integrated Wall Artwork** $ 206,550
   Kasama dito ang lahat ng bayad (fees) sa may likhang sining (artist), pati na ang mga ginastos kaugnay dito tulad ng pag disenyo sa likhang sining, (artwork design), engineering, fabrication, transportasyon, at ang konsultasyon habang ikinakabit ang ginawang-sining.

   **Site Work and Installation** $ 50,000
   Nasa pamamahala ng SFAC sa ilalim ng bukod na kontrata.

2. **Two-Dimensional Artwork Program** $ 50,000
   Kasama dito ang pagbili sa mga likhang sining, paglagay nito sa loob ng frame, at pagpapakabit dito.

**ELIGIBILITY**

Para maging kwalipikado (eligibile), ang oportunidad na ito ay bukas lamang sa mga propesyonal at kasalukuyang mga malilikhang sining na naninirahan sa Estados Unidos. Ang mga kalahok na hindi tumutugon sa mga nasabing batayan para maging kwalipikado ay hindi maisasama sa listahan ng mga pagpipilian na likhang sining.

**PAGLALARAWAN NG PROYEKTO (PROJECT DESCRIPTION)**

Nuong 2014, sinimulan ng Recreation and Parks Department at ng Trust for Public Land ang isang pag-aaral at pakikipagtulungan sa komunidad, upang makagawa ng plano para sa pagsasaayos at pagpapabuti ng Gene Friend Recreation Center, na matatagpuan sa kapitbahayan ng South of Market (SoMa) sa kanto ng lansangan sa 6th at Folsom. Ang sentro ay may mga pasilidad para sa mga panloob at panlabas na libangan at programa para sa mga kabataan, senior at mga miyembro ng lokal na kapitbahayan at komunidad. Sa loob ng halos 25 taon na pagpapatakbo nito at sa panahon ng walang katulad na pagdami ng populasyon sa loob ng kapitbahayan at lungsod, ang Sentro ay ipapaayos para gumawa ng ligtas, kaanya-anyaya, at modernong lugar na mapagkukunan ng tulong ng mga gumagamit nito. Matapos ang masikhay na pakikipag ugnayan sa komunidad at sa pakikipagtulungan sa Mark Cavagnero Associates at Kuth Ranieri Architects, napag-kaisahan ang mga sumusunod na mga layunin para sa proyekto: Bumuo ng lugar na kaanya-anyaya, bukas at ligtas; dagdagan at palawakin pa ang marami nang paraan sa pag gamit sa sentro; Pagibayuhin at ilaan ang gusali para maging mas higit na kapaki-pakinabang ang pag-gamit ng lugar, magsagawa ng mga karagdagang programa para sa panloob at panlabas na mga gawain; ipatupad ang mga pamamalakad na nagbibigay pugay sa kulturang pamana ng kapitbahayan at lalong pagbutihin ang akses at halaga ng lugar para sa mga gumagamit nito.

Para sa dagdag kaalaman tungkol sa Gene Friend Recreation Center Improvement Project, mangyari pong tunghayan ang pahina ng proyekto ng San Francisco Recreation and Parks : bit.ly/genefriendproject

**PROSESO SA PAGPILI NG MANLILIKHANG SINING (ARTIST SELECTION PROCESS)**

Artist Qualification Panel: Ang mga kwalipikadong aplikasyon ay idadaan sa Artist Qualification Panel na binubuo ng mga sumusunod: dalawang (2) propesyonal sa larangan ng sining at isang (1) miyembro na kawani ng SFAC. Pag-aaaralan nila at bibigyan ng marka ang bawat aplikasyon para bumuo ng talaan ng mga manlilikhang sining na maaaring pagpipilian para sa Gymnasium Integrated Wall Opportunity at sa Programa para sa Two-Dimensional Artwork na idedetalye sa ibaba. Kasama sa batayan ng pagmamarka sa dalawang oportunidad ang makabuluhang kaugnayan ng manlilikhang sining sa SoMa.

Artist Review Panel: Para sa **Gymnasium Integrated Wall Opportunity:** Ang listahan ng mga kwalipikadong manlilikha ay idadaan sa Artist Review Panel na binubuo ng tatlong (3) propesyonal sa larangan ng sining, isang (1) kinatawan ng kliyenteng ahensiya, isang (1) kinatawan mula sa koponan ng disenyo, isang (1) Komisyoner sa Sining at isang (1) kinatawan ng komunidad. Ang panel ay pipili ng tatlong finalist na aanyayahang bumuo ng panukalang konsepto para sa itinalagang lugar. Ito ay matapos nilang dumalo sa isang orientation session kasama ang koponan sa proyekto at mga pangunahing stakeholder. Bawat finalist ay babayaran ng honorarium na nagkakahalaga ng $2,500 bukod pa sa pagbabalik ng kanilang ginastos sa pagbiyahe para makagawa ng kani-kanilang panukala.

Muling magtitipon ang Artist Review Panel para pag aralan ang naturang mga panukala mula sa mga finalist sa pamamagitan ng pakikipag panayam sa kanila, isasaalang alang din ang mga pahayag mula sa komunidad upang mai-rekomenda ng panel sa Komisyon ng Sining ang Isang manlilikha para sa proyekto.

**Para sa Two-Dimensional Artwork Program:** Gagawa ang kawani ng SFAC ng maikling listahan ng mga manlilikhang sining mula sa mga kwalipikadong indibidwal na nagtatrabaho sa larangan ng two-dimensional media tulad ng pagpipinta (painting), pag guhit (drawing), pagkuha ng larawan (photography), textile at collage. Ang listahan ng mga manlilikha ay ibabahagi sa Two-Dimensional Artwork Program Artist Review Panel na binubuo ng dalawang (2) propesyonal sa larangan ng sining, isang (1) kinatawan ng kliyenteng ahensiya, isang (1) Komisyoner ng Sining, at isang (1) kinatawan ng komunidad.

Bibigyan ng marka ng Artist Review Panel ang mga manlilikhang nasa listahan batay sa mga sumunod: Artistic merit, innovation at pagiging katangi tangi (originality) ayon sa

mga nagdaang halimbawa ng mga obra at ginawa na nila pati na rin ang mga ilang bagay na magkapagpapatunay dito, kung ang ginawang likhang sining ay napag-isipang angkop sa mga layunin ng proyekto, at ang makabuluhang kaugnayan ng manlilikha sa kapitbahayan. Ang mga manlilikhang may pinakamataas na marka ay aanyayahan na mag sumite ng hanggang 6 na larawan o imahe ng kanilang orihinal na likhang sining, na maaaring nilang ipagbili para sa Two-Dimensional Artwork Program.

Muling magtitipon ang Artist Review Panel para bigyan ng marka ang mga natanggap na imahe. Ang mga likhang makakakuha ng pinakamataas na marka ay ipapadala para ma-aprubahan ng Visual Arts Committee. Isasagawa ang pagbili nito matapos na ang mga likhang sining ay personal na mapagbalik aralan.

Arts Commission Approval: Ang mga rekomendasyon ng Artist Review Panel ay idadaan muna sa Visual Arts Committee (VAC), isang komite sa ilalim ng Komisyon sa Sining at matapos sa VAC, dadalhin ito para ma-aprubahan ng buong Komisyon sa Sining.

Lahat ng mga rekomendasyon ng Artist Review Panel ay isasailalim sa pagpapasya ng Visual Arts Committee at ng buong Komisyon sa Sining.

Ang mga pagpupulong ng Komisyon sa Sining, pati na rin ng Public Art Review Panel ay bukas sa lahat. Ang mga itinakdang araw at oras mga pagpupulong ay ilalathala sa website ng Komisyon sa Sining ng hindi bababa sa 72 oras bago ang naturang pagpupulong. Upang tiyakin ang iskedyul ng mga pulong para sa mga proyekto sa pampublikong sining, mangyaring tunghayan ang aming kalendaryo.

**MGA ISASAALANG-ALANG SA PAGPILI NG ARTIST**

Mga Pamantayan sa Pagpili ng Mga Artist at Artwork: Pipili ng mga artist at artwork alinsunod sa Hangarin at Mga Layunin ng Koleksyon ng Pansibikong Sining, sa ilalim ng mga pamantayan sa ibaba. Posibleng isaalang-alang ang mga artwork na nasa lahat ng medium. Ang mga pamantayang gagamitin sa pagsasaalang-alang kapag minamarkahan ang aplikasyon ng isang artist para sa komisyon at/o pagkuha ng isang artwork sa pamamagitan ng pagbili o pagpapakomisyon ay kabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na pagsasaalang-alang. Alinsunod sa mga kinakailangan sa pakikipagkontrata ng Lungsod, bibigyan ng rating bonus na 10%, depende sa iba pang aplikante, ang mga mag-a-apply na artist na nakarehistro bilang Lokal na Negosyo.

- Artistic Merit: Posibleng husgahan ang Artistic Merit sa pamamagitan ng mga sukatan kaya ng pagiging orihinal ng konsepto at vision ng artist; lalim ng pakikipag-ugnayan ng obra sa emosyon, pag-iisip, at espirituwalidad ng tagatingin; kalidad ng pagkakagawa, o pagiging eksperto sa mga kasanayan at diskarte. Posible ring mag-credit ng artistic merit sa artwork na nagpapakita ng

makabuluhan o direktang ugnayan sa pagitan ng artist at mga natatanging lahi o kultura.

- Mga Nauugnay na Kasanayan at Karanasan: Isasaalang-alang ng Mga Panel para sa Pagsusuri at ng Komisyon ang natasang kakayahan ng isang artist na matagumpay na magsakatuparan ng isang iminumungkahing proyekto, gaya ng kanyang kakayahang makipagtulungan sa iba pang stakeholder ng proyekto sa constructive na paraan, matugunan ang mga deadline, kahandaang ayusin ang mga puwedeng maging isyu, at pangasiwaan ang mga demand ng proyekto sa pangkalahatan. Posible ring isaalang-alang ang pagiging competent sa kultura at/o makabuluhang ugnayan sa pagitan ng artist at constituency ng proyekto, o ang karanasang puwedeng magkwalipika, sa partikular, sa isang artist na matugunan ang mga layunin ng proyekto.

- Natutugunan ang Mga Layunin ng Proyekto: Natutugunan ng iminumungkahing proyekto (o ng tinasang kakayahan ng isang artist na magdisenyo ng proposal) ang mga partikular na layunin ng proyekto na inilarawan sa Balangkas ng Proyekto at/o sa Kahilingan para sa Mga Kwalipikasyon RFQ o Kahilingan para sa Mga Proposal (Request for Proposals, RFP) na inaprubahan ng Komisyon.

- Naaangkop ang Artwork sa Lugar: Ang artwork o iminumungkahing artwork ay may laki, medium, disenyo, at mga imahe na naaangkop sa lokasyon kung saan ito pinaplanong i-display, may kaugnayan sa sa konteksto ng nakapaligid na komunidad, at naaayon sa hangarin at mga operasyon ng departamento ng kliyente.

- Posibilidad na maisakatuparan at mamentina: Susuriin ang mga iminumungkahing proyekto batay sa posibilidad na maisakatuparan ang mga ito, at sa patunay na may kakayahan ang artist na matagumpay na kumpletuhin ang iminumungkahing obra. Ang mga isasaalang-alang na salik ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa: badyet ng proyekto, timeline, at karanasan ng artist. Isasaalang-alang ang katatagan ng istruktura at surface, posibilidad na manakaw, ma-vandalize, o maapektuhan ito ng lagay ng panahon, at ang inaasahang magiging gastusin sa at halaga ng tuluy-tuloy na pagmementina at/o pagre-repair nito.

- May naiaambag sa Kalidad ng Koleksyon ng Pansibikong Sining: Masasabing sinusuportahan ng artwork ang koleksyon ng lungsod at may naitutulong ito rito batay sa kalidad ng sining at iba't ibang pinagmulan ng mga artist. Hangad ng Komisyon sa Sining na kumuha ng mga artwork na may iba't ibang istilo, laki, medium, at pinagmulan, at sumasalamin sa iba't ibang lahi at pananaw. Hinihikayat din ng Komisyon sa Sining ang mga exploratory na uri ng obra, pati ang mga dati nang anyo ng sining.

- Kaligtasan ng Publiko at Pagiging Accessible: Susuriin ang artwork para matiyak na hindi ito isang panganib sa kaligtasan ng publiko at na nakakasunod ito sa

Batas sa Mga Amerikanong May Kapansanan (Americans with Disability Act, ADA) at lahat ng iba pang naaangkop na code para sa mga gusali.

- Pag-duplicate: Hihilingin sa mga artist na igarantiya, bilang kundisyon ng kanilang kasunduan sa Lungsod, na ang ikokomisyon o bibilhing artwork ay walang katulad at nag-iisa lang, at na hindi ito idu-duplicate maliban na lang kung bahagi ito ng isang limitadong edisyon, o kung iba ang nakasaad sa kontrata ng artist sa Komisyon.

- Ang makabuluhang kaugnayan ng manlilikhang sining sa kapitbahayan ng SoMa.

**PAANO MAG-APPLY**

Available ang mga aplikasyon sa **SlideRoom (https://sfgov.slideroom.com)**, na isang online na system ng aplikasyon para sa mga panawagan para sa pagsali. Hindi sisingilin ang mga artist para sa paggamit ng SlideRoom. Tiyaking maglalaan ka ng sapat na oras sa pagsusumite ng iyong aplikasyon dahil puwedeng magkaroon ng mga teknikal na problema. Hindi isasaalang-alang ang mga aplikasyong ipapadala sa pamamagitan ng koreo, email, fax, o na sa personal ibibigay.

**Hindi na tatanggap ng mga aplikasyon pagkalipas ng deadline na Setyembre 18, 2023, 11:59 p.m. (PDT o PST).**

Kasama sa mga materyales para sa aplikasyon ang:

**1. Resume**

- Kung nag-a-apply ka bilang team, pakisama ang resume ng iyong team/studio. Kung hindi iyon available, pagsama-samahin sa iisang dokumento ang mga indibidwal na resume (nang magkakasunod) ng bawat miyembro ng team.

**2. Liham ng Interes**

- Isa itong buod ng iyong focus at propesyonal na karera bilang artist, at ng iyong background, sa partikular, pagdating sa kaugnayan nito sa iyong mga kwalipikasyon para sa proyektong ito. Huwag gumawa ng partikular na proposal para sa isang bagong komisyon.

**3. 10 imahe ng mga dating obra**

- Tinatanggap ng SlideRoom ang lahat ng uri ng image file na hanggang 5MB. Ang mga imahe ay hindi dapat bababa sa 72 dpi at hindi hihigit sa 1280 x 1280 pixel
- Para sa aplikasyon ng team, pakisaad ang lead na artist para sa bawat proyekto.

**4. Mga paglalarawan ng imahe**

- Kapag na-upload mo ang iyong mga imahe, ipo-prompt ka ng SlideRoom na maglagay ng mga paglalarawan ng imahe. Pakisama ang pamagat, medium,

mga dimensyon, at taon ng bawat obra. Puwede ka ring magsama ng maikling pahayag (na may maximum na 2 pangungusap) tungkol sa bawat obra.

Tingnan ang aming "**Paano Mag-apply sa Mga Tawag**" para sa mga kapaki-pakinabang na tip sa kung paano magsumite ng pinakamahusay na aplikasyon.

**Pakitandaan na magiging available sa pagsagot ng mga tawag ang mga staff ng** Komisyon sa Sining tungkol sa tawag na ito hanggang 5 p.m. (PST) sa petsa ng deadline, Setyembre 18, 2023. Mangyaring makipag ugnayan po kay Arianne Gelardin Davidian, Public Art Project Manager sa (415) 310-8021 o kaya ay sa pamamagitan ng email sa arianne.gelardin@sfgov.org.

Ang teknikal na suporta ng SlideRoom ay available nang Lunes – Sabado sa pamamagitan ng email, 9 a.m. - 9 p.m. sa (CST) support@slideroom.com.

**PAGIGING KWALIPIKADO**

Bukas ang pagiging kwalipikado sa mga propesyonal at practicing na artist na nakatira sa United States. Aalisin sa pagsasaalang-alang ang mga entry na hindi nakakatugon sa mga alituntunin.

**TIMELINE NG PROYEKTO (*Puwede pang magbago ang mga petsa*)**

| | |
|---|---|
| Qualification Panel Meeting | Huling bahagi ng Setyembre, 2023 |
| Artist Review Panel Meeting 1 | Oktubre |
| Applicant notification | Oktubre |
| Artist Review Panel Meeting 2 | Pebrero, 2024 |
| VAC and Full Commission approval of recommended artist | Pebrero - Marso |
| Artist under contract | Marso - Abril |
| Anticipated completion | Tag sibol 2025 |

*Sa ilalim ng Two-Dimensional Artwork Program, sisimulan ang proseso para pumili ng mga ilalagay na likhang-sining sa mga pasilyo sa loob ng sentro sa Enero, 2024.

**MGA TUNTUNIN AT KUNDISYON SA PAGTANGGAP NG MGA PANUKALA**

Ang Mga Patakaran at Alituntunin para sa Koleksyon ng Pansibikong Sining (Civic Art Collection) ay nasa website ng Komisyon sa Sining sa: https://www.sfartscommission.org/our-role-impact/about-commission/policies-guidelines/Public-ArtCivic-Art-Collection#4.%20Dapat mag-apply ang publiko sa pamamagitan ng RFQ na ito.

Ang pagbibigay ng RFQ na ito ay hindi katumbas ng isang kasunduan sa Komisyon na papasok sa isang aktuwal na kontrata ang Lungsod.  Hayagang nakalaan sa Komisyon ang karapatan na gawin anumang oras ang mga sumusunod:

1. I-waive o iwasto ang anumang depekto o hindi pagiging pormal sa anumang pagtugon, panukala, o pamamaraan ng panukala;

2. Tanggihan ang anuman o lahat ng panukala;

3. Muling magbigay ng Kahilingan para sa Kwalipikasyon;

4. Bago ang deadline ng pagsusumite para sa mga panukala, baguhin ang lahat o anumang bahagi ng pamamaraan ng seleksyon, kasama ang mga deadline sa pagtanggap ng mga tugon, ang mga partikular o kinakailangan para sa anumang materyal, kagamitan, o serbisyong ibibigay sa ilalim ng RFQ na ito, o ang mga kinakailangan para sa mga nilalaman o format ng mga panukala; o

5. I-procure ang anumang materyales, kagamitan, o serbisyong tinukoy sa RFQ na ito, sa anumang iba pang paraan.

**Lupon ng Panukala at Patakaran ng Maquette**

Kung sakaling hihilingin sa iyong gumawa ng panukala, malalapat ang sumusunod na patakaran. Ang Komisyon sa Sining ay:

- Magkakaroon, sa sarili nitong pagpapasya, ng walang kundisyonal na karapatan na gawing pag-aari ang mga panukalang maquette o drawing na pinili para sa pagpapatupad bilang bahagi ng mga award ng komisyon o alternatibong piliing panatilihin ang lahat ng maquette hanggang sa makumpleto ang proyekto.
- Makakapagpanatili ng unang karapatan na tanggihan ang pagbili ng mga panukalang maquette at drawing na isinumite ng mga artist na hindi napili para sa pagpapatupad.
- Mabibigyan ng pagkilala sa pag-display at/o reproduction ng anumang maquette o panukalang nakomisyon, napili man para sa pagpapatupad o hindi.
- Mag-aatas na ang lahat ng panukala at/o maquette na isusumite ay orihinal at natatangi.

**Mga Layunin at Paglahok ng Lokal na Negosyo**

Nalalapat sa RFQ na ito ang mga ipinag-aatas sa Ordinansa sa Pakikipagkontrata sa Lokal na Negosyo (Local Business Enterprise, LBE) at Pagbabawal sa Diskrimintasyon sa Kabanata 14B ng Pang-administratibong Kodigo ng San Francisco Administrative (kolektibong tinatawag na “Ordinansa sa LBE”). Ang mapipiling artist ay hihilinging i-subconsult ang porsyento ng kabuuang halaga ng kontrata sa isang subcontractor na sertipikado ng Dibisyon sa Pagsubaybay sa Kontrata (Contract Monitoring Division, CMD), at magsumite ng dokumentasyon ng mga pagsisikap sa outreach sa mabuting layunin na ipinag-aatas sa Kabanata 14B. Lubos na hinihikayat ng Lungsod ang mga panukala mula sa mga kwalipikadong LBE, at magkakaroon ng bisa ang bonus sa mga rating para sa award ng proyektong ito sa anumang nagpapanuka sa sertipikado bilang isang CMD LBE. Ang lahat ng contractor at subcontractor na nabigyan ng mga kontrata ay inaatasan na gamitin ang Elation na secure web-based na System sa Pagsubaybay sa Paggamit ng Lokal na Negosyo (Local Business Enterprise Utilization Tracking System, LBEUTS) para isumite ang impormasyon sa pagbabayad. Makikita ang higit

pang impormasyon sa sertipikasyon at ipinag-aatas sa CMD sa http://sfgsa.org/index.aspx?page=6711,

**Ordinansa Laban sa Diskriminasyon at Mga Patas na Benepisyo**

Sa pagsisikap ng Lungsod at County ng San Francisco na magbigay ng patas na oportunidad at pagkakapantay-pantay sa mga benepisyo, inaatasan nito ang mga indibidwal at negosyong nakikipagnegosyo sa Lungsod na sumunod sa Seksyon 12B at 12D ng Pang-administratibong Kodigo. Alinsunod dito, kung isa kang employer, at kung nagbibigay ka ng mga benepisyo sa kalusugan at iba pang benepisyo sa mga asawa ng iyong mga empleyado, dapat kang magbigay ng mga patas na benepisyo sa mga nakarehistrong domestic partner ng mga empleyado. Inaatas din ng seksyong ito ang pagpapakita ng mga pagsisikap sa mabuting layunin na kumuha ng mga lokal na disadvantaged na negosyo. Makikita ang higit pang impormasyon tungkol sa mga patakaran na ito sa:
http://sfgsa.org/ftp/HRC_for_GSA/uploadedfiles/sfhumanrights/docs/ResourceMaterials9-07.pdf

**Americans with Disabilities Act**

Ang (mga) mapipiling artist ay aatasang sumunod sa mga ipinag-aatas ng Batas para sa Mga American na May Kapansanan (ADA) bukod para sa mga nauugnay na pederal, pang-estado, at lokal na kodigo at hihilingin sa kanila na bumuo ng (mga) sining na sensitibo sa mga isyung programmatic, pati na rin sa pisikal na accessibility, sa pakikipagtulungan sa Komisyon sa Sining at sa komunidad ng mga may kapansanan.

**Minimum Compensation Ordinance (MCO)**

(Ang ipinag-aatas na ito ay tumutukoy lang sa mga artist na may mahigit sa 20 empleyado, o artist na ang sining ay na-fabricate ng isang kumpanyang may mahigit sa 20 empleyado.) Ang (mga) mapipiling artist ay aatasang ganap na sumunod at magkaroon ng pananagutan sa mga probisyon ng Ordinansa sa Minimum sa Kabayaran (Minimum Compensation Ordinance, MCO), gaya ng itinatakda sa Kabanata 12P ng Pang-administratibong Kodigo ng San Francisco (S.F. Administrative Code Chapter 12P). Sa pangkalahatan, inaatasan ng Ordinansang ito ang mga contractor na magbigay sa mga empleyadong nasasaklawan ng Ordinansa, na gumagawa nang pinopondohan ng kontrata na may orasang kabuuang kabayaran at bayad at hindi bayad na time off na nakakatugon sa ilang partikular na minimum na ipinag-aatas. Para sa mga ipinag-aatas sa kontrata ng MCO, tingnan ang talata 42 ng Ordinansa. Available ang karagdagang impormasyon hinggil sa MCO sa web sa: http://www.sfgsa.org/index.aspx?page=403.

**Health Care Accountability Ordinance (HCAO)**

(Ang ipinag-aatas na ito ay tumutukoy lang sa mga artist na may mahigit sa 20 empleyado, o artist na ang sining ay na-fabricate ng isang kumpanyang may mahigit sa 20 empleyado.) Ang mapipiling artist ay aatasang ganap na sumunod at magkaroon ng pananagutan sa mga probisyon ng Ordinansa sa Pananagutan sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Accountability Ordinance, HCAO), gaya ng itinatakda sa Kabanata 12Q ng Pang-administratibong Kodigo ng San Francisco (S.F. Administrative Code Chapter 12Q). Dapat kumonsulta ang mga artist sa Pang-administratibong Kodigo ng San Francisco para matukoy ang kanilang mga obligasyon sa pagsunod, alinsunod sa kabanatang ito. Available ang karagdagang impormasyon hinggil sa HCAO sa web sa: http://sfgsa.org/index.aspx?page=407.

**Mga Kinakailangang Form at Kontrata**

Bukod pa sa panukalang MOU, at bilang bahagi ng proseso sa kontrata ng Lungsod, ang mapipili at maaaprubahang artist ng Komisyon sa Sining ay hihilinging mapasailalim sa kontrata sa Lungsod at County ng San Francisco sa buong panahon ng proyekto. Dapat suriin ng mga aplikanteng artist ang pamantayang template ng Komisyon sa Sining na makikita sa website ng Komisyon sa Sining: http://www.sfartscommission.org/pubartcollection/documents/pa03-sample-artist-contract/. Bagama't puwedeng pag-usapan ang ilang item na partikular sa mga indibidwal na proyekto gaya ng saklaw ng gawain, iskedyul sa pagbabayad, at iskedyul ng mga deliverable, hindi mababago ang mga tuntunin ng kontrata. Depende sa partikular na saklaw ng proyekto, bago ang pagbibigay at sa buong panahon ng kontrata, aatasan din ang artist na magpanatili ng lisensya sa buwis sa negosyo sa San Francisco, sumailalim sa proseso ng pag-set up ng Vendor, magsagot ng mga partikular na dokumento mula sa Komisyon sa Karapatang Pantao (Human Rights Commission), at magkaroon ng ilang uri ng insurance, gaya ng Automobile Liability, General Liability, Fine Arts, at iba pang insurance gaya ng iniaatas ng Lungsod.

*Ang lahat ng impormasyong nilalaman nito ay hindi tumatayong hayagan o ipinabatid na kontrata, at puwede pang magbago ang mga probisyong ito.*